# Joy, Abby, Isko nangunguna sa NCR survey

Kung ang midterm elections ay isasagawa ngayon, tiyak na ang panalo ng mga mayoralty candidates na sina Josefina "Joy" Belmonte ng Quezon City, Mar-Len Abigail Binay ng Makati City, Imelda Calixto-Rubiano ng Pasay City, Lino Cayetano ng Taguig City, Robert "Bobby" Eusebio ng Pasig City at Tobias "Toby" Tiangco ng Navotas, base sa isinagawang survey ng RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc).

Lumahok sa non-commissioned survey ang may 8,000 registered voters sa Metro Manila na ginawa mula Abril 27 hanggang Mayo 1, 2019, na nagpapakita na mahirap talunin si Belmonte sa 60 porsiyento nitong lamang laban sa katunggaling si Vincent "Bingbong" Crisologo, na nakakuha lamang ng 32 percent rating, habang apat na porsiyento lamang ang nakuha ni dating representative Chuck Mathay.

Nananatili namang lamang ng 64 porsiyento si re-electionist Makati Mayor Binay laban sa kanyang katunggali at kapatid na si dating Mayor Jejomar "Junjun" Binay, na nakakuha lamang ng 34 percent.

Sa Maynila, nangunguna si dating Vice Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso (50%), kasunod si incumbent Mayor Joseph 'Erap' Estrada (33%) habang si dating Mayor Alfredo Lim ay 15 percent.

Sa Taguig City, si ex-Rep. Lino Cayetano, bayaw ni incumbent Mayor Lani Cayetano, ay may 67% laban kay Taguig-Pateros Rep. Arnel Cerafica na nakakuha lang ng 30 percent.